# Espesyal na Halalan sa Nobyembre 2025

# Pamplet sa Wikang Tagalog para sa mga Botante ng Washington County

Dibisyon ng mga Halalan
2925 NE Aloclek Dr #170
Hillsboro, OR 97124-7523

www.washcovotes.org

# Pamplet sa Wikang Tagalog para sa mga Botante ng Washington County




## ESPESYAL NA HALALAN NOBYEMBRE 4, 2025

**Lupon ng mga Komisyonado ng Washington County (Washington County Board of County Commissioners)**

Kathryn Harrington, Chair
Nafisa Fai, District 1
Pam Treece, District 2
Jason Snider, District 3
Jerry Willey, District 4

**PAUNAWA**

Ito ang pamplet para sa mga botante ng iyong county. Iniimprenta ng Halalang Pang-county ng Washington (Washington County Elections) ang impormasyon gaya ng naisumite. Hindi namin itinatama ang pagbaybay ng salita, bantas, gramatika, sintaks, mga mali o hindi tumpak na impormasyon. Ang pamplet na ito ay naglalaman ng impormasyon para sa ilang distrito at maaaring may mga kandidato/panukalang-batas na hindi kasama sa iyong balota. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, tumawag sa 503-846-5800.

# Impormasyon sa Rehistrasyon ng Botante

## Pagrehistro para Makaboto

Kwalipikado kang mag-rehistro para makaboto sa Oregon kung masasagot mo ng oo ang mga sumusunod na tanong:

- ✓ Ikaw ba ay residente ng Oregon?
- ✓ Ikaw ba ay isang mamamayan ng US?
- ✓ Ikaw ba ay hindi bababa sa 16 na taong gulang?

*Kung ikaw ay 16 na taong gulang, hindi ka makatatanggap ng balota hanggang sa may maganap na isang halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.*

## Paano magparehistro

Maaari kang magparehistro online para makaboto sa **oregonvotes.gov** o kumuha ng kard ng rehistrasyon ng botante sa alinman sa mga sumusunod na lugar:

- Anumang Tanggapan para sa Halalang Pang-county
- Tanggapan ng Kalihim ng Estado
- Ilang ahensya ng estado tulad ng Serbisyo para sa Drayber at Demotor na Sasakyan
- Isang kampanya para sa rehistrasyon ng botante
- Ilang lokasyon ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (US Postal Service)
- Mga Aklatan

Pagkatapos kumpletuhin ang iyong kard ng rehistrasyon, ipadala sa koreo o dalhin ito nang personal sa aming tanggapan.
Ang huling araw para sa mga bagong rehistrasyon at pagbabago ng partido ay 21 araw bago ang Araw ng Halalan.

## Anong impormasyon ang kailangan para mag-rehistro?

Upang makumpleto ang iyong rehistrasyon, kailangan mong ibigay ang iyong:

- Buong legal na pangalan
- Tirahan (address)
- Address para sa koreo (kung naaangkop)
- Petsa ng kapanganakan
- Lagda
- Numero ng Lisensya sa Pagmamaneho sa Oregon, numero ng Kard ng Pagkakakilanlan o numero ng Social Security

**Rehistrado ba ako para makaboto?**
Maaari mo nang tingnan ang iyong rehistrasyon online: www.oregonvotes.gov

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon
TUMAWAG SA 1-866-ORE-VOTE/673-8683
PUMUNTA SA www.oregonvotes.gov
TTY 1-800-735-2900 para sa mga may kapansanan sa pandinig




## Balota para sa Pagboto nang Nakaliban

## I-update ang iyong rehistrasyon kung wala ka sa bahay

Hindi ipadadala ng post office ang iyong balota.

Maaari kang humiling ng balota para sa pagboto nang nakaliban kung hindi ka uuwi sa panahon ng halalan. Ipadadala ang balota sa alternatibong address na iyong ibibigay.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon

**TUMAWAG SA**

1-866-ORE-VOTE/673-8683

**PUMUNTA SA**


www.oregonvotes.gov

**TTY:**


1-800-735-2900
para sa mga may kapansanan sa pandinig

## Kumpletuhin ang iyong balota

Maingat na basahin at sundin ang lahat ng tagubilin na nakalathala sa iyong balota.



Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili. Hindi mo kailangang botohan ang lahat ng labanan. Bibilangin pa rin ang mga iboboto mo.





Para sa pagsama ng pangalan ng isang kandidato:


- Malinaw na i-print ang pangalan ng kandidato sa blangkong linya na nakalagay sa balota

**-at-**

- Punan ang bilog sa tabi ng pangalan na isinama mo

## Suriin kung may mga mali





Kung bumoto ka nang mahigit sa isang opsyon, ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa kandidato o panukalang-batas na iyon.

## Suriing mabuti ang iyong balota

Makipag-ugnayan sa Halalang Pang-county ng Washington (Washington County Elections) sa **(503) 846-5800** o sa **elections@washingtoncountyor.gov** para humiling ng pamalit na balota kung:

- nagkamali ka
- nawala mo ang iyong balota
- nasira o namarkahan nang hindi tama ang iyong balota
- o sa anumang iba pang dahilan

Hindi mo maaaring baguhin ang iyong boto pagkatapos mong ibalik ang iyong balota.




## ANG BALOTA SA ALTERNATIBONG FORMAT

ay isang tool sa pagboto na nagpapahintulot sa mga botanteng may kapansanan na bumoto nang pribado at independiyente.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa Balota sa Alternatibong Format, makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalang Pang-County ng Washington (Washington County Elections Division) sa 503-846-5800 o

puntahan ang aming website sa

**www.washcovotes.org**

### Labag sa batas ang:

- lagdaan ang sobre para sa pagbalik ng balota ng ibang tao para sa kanila
- bumoto ng higit sa isang beses sa isang halalan o magsumite ng dinayang balota
- magsumite ng balota kung hindi ka legal na kwalipikadong gawin ito
- mamilit, manggigipit o kung hindi man ay labis na impluwensiyahan ang ibang botante
- magbenta, mag-alok na magbenta, bumili, o mag-alok na bumili ng balota ng ibang botante
- hadlangan ang pasukan ng isang gusali kung saan matatagpuan ang booth ng pagboto o opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- sirain ang anyo, alisin, baguhin, o wasakin ang balota ng ibang botante, isang nakapaskil na paunawa tungkol sa halalan, o mga kagamitan o suplay para sa halalan
- subukang mangolekta ng mga hinulog na balota sa loob ng 100 talampakan mula sa isang opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- magtatag ng isang lugar ng drop box nang walang ipinakikitang karatula na nagsasabing “Not An Official Ballot Drop site” (Hindi Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota)

Ang anumang paglabag sa mga natukoy na mga batas na panghalalan ay sumasailalim sa mga parusa mula sa mga Parusang Sibil (Hanggang $250 bawat Paglabag), Class A na mga Maliliit na Krimen, o Class C na mga Mabibigat na Krimen.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon o kung sa tingin mo ay nalabag ang iyong mga karapatan bilang isang botante: **oregonvotes.gov**

**1 866 673 VOTE / 1 866 673 8683** se habla español
**1 800 735 2900** *para sa mga may kapansanan sa pandinig*

### Nakalimbag ang mga pahayag tungkol sa kandidato at pahayag ukol sa panukalang-batas tulad ng naisumite

Hindi sinusuri ng Washington County ang impormasyong isinumite ng mga kandidato at taga-file ng pahayag ukol sa panukalang-batas. Hindi iwinawasto ang hindi tumpak o maling impormasyon.

# Mga Opisyal na Drop Box ng Balota ng Washington County

**Ibalik ang iyong may botong balota sa isang opisyal na drop box bago mag-8:00 pm sa Araw ng Halalan.** Hindi kailangan ng bayad sa koreo.

Ang lahat ng opisyal na mga drop box na nakalista sa ibaba ay bukas 24 na oras sa isang araw hanggang sa deadline na 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan.

**ALOHA**
**Aklatang Pang-komunidad ng Aloha (Aloha Community Library)**
17455 SW Farmington Rd, Ste 26A
Aloha, OR 97007

**BANKS**
**Munisipyo/Aklatan ng Banks (Banks City Hall/Library)**
42461 NW Market St
Banks, OR 97106

**BEAVERTON**
**Lungsod ng Beaverton** (Malapit sa Aklatan)
Sa Tabi ng Kalsada sa Hall Blvd (Sa gitna ng 3rd & 5th St)
Beaverton, OR 97005

**Aklatang Panlungsod ng Beaverton (Beaverton Library)-Murray Scholls**
11200 SW Murray Scholls Place, Ste. 102
Beaverton, OR 97007

**Aklatan ng Bethany (Bethany Library)**
15325 NW Central Dr Ste J-8
Portland, OR 97229

**Aklatang Pang-komunidad ng Cedar Mill (Cedar Mill Community Library)**
1080 NW Saltzman Rd
Portland, OR 97229

**Silangang Sentro ng Serbisyo ng Washington County (Washington County Service Center East)**
3700 SW Murray Blvd
Beaverton, OR 97005

**Aklatang Pang-komunidad ng West Slope (West Slope Community Library)**
3678 SW 78th Ave
Portland, OR 97225

**CORNELIUS**
**Munisipyo ng City Hall (Cornelius City Hall)**
1355 N. Barlow St
Cornelius, OR 97113

**FOREST GROVE**
**Aklatan ng Lungsod ng Forest Grove (Forest Grove City Library)**
Pacific Ave & Birch St
Forest Grove, OR 97116

**GARDEN HOME**
**Aklatang Pang-komunidad ng Garden Home (Garden Home Community Library)**
7475 SW Oleson Rd.
Portland, OR 97223

**HILLSBORO**
**Pangunahing Aklatan ng Hillsboro (Hillsboro Main Library)**
2850 NE Brookwood Pkwy
Hillsboro, OR 97124

**Pampublikong Aklatan ng Hillsboro (Hillsboro Public Library)-Shute Park**
775 SE 10th Ave
Hillsboro, OR 97123

**Parking Lot ng Gusali para sa Mga Pampublikong Serbisyo (Public Services Building)**
155 N 1st Ave
Hillsboro, OR 97124

**Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Washington (Washington County Elections Office)**
2925 NE Aloclek Dr
Hillsboro, OR 97124

**Westside Commons**
801 NE 34th Ave
Hillsboro, OR 97124

**LUNGSOD NG KING**
**Munisipyo**
15300 SW 116th Ave
King City, OR 97224

**NORTH PLAINS**
**Munisipyo ng North Plains (North Plains City Hall)**
31360 NW Commercial St
North Plains, OR 97133

**SHERWOOD**
**Munisipyo ng Sherwood (Sherwood City Hall)**
22560 SW Pine St
Sherwood, OR 97140

**TIGARD:**
**Munisipyo ng Tigard (Tigard City Hall)**
13125 SW Hall Blvd
Tigard, OR 97223

**TUALATIN:**
**Munisipyo ng Tualatin (Tualatin City Hall)**
18880 SW Martinazzi Ave
Tualatin, OR 97062

I-scan ang QR code na ito para makita sa mapa ang mga lokasyon para sa pagsumite ng balota:


Maaari mong ihulog ang iyong balota sa alinmang opisyal na drop box ng balota o sa tanggapan para sa pangangasiwa ng mga halalan sa Estado ng Oregon

# Pagsubaybay sa Iyong Balota!

Mag-sign up para makatanggap ng mga update at notipikasyon tungkol sa iyong balota mula sa Mga Halalan ng Washington County (Washington County Elections). Makatanggap ng text, email o mga voice alert kapag napadala na namin ang iyong balota, kapag natanggap ang iyong balota sa tanggapan ng Halalan, at kapag natanggap at nabilang ang iyong balota.

Ang programa sa pagsubaybay ng balota ng Washington County ay isang pakikipagtulungan sa i3ballot. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa serbisyong ito, tawagan ang Mga Halalan ng Washington County sa (Washington County Elections)
**(503) 846-5800** o mag-email sa amin sa **elections@washingtoncountyor.gov**

## Mag-sign up ngayon para magsimulang makatanggap ng mga notipikasyon sa iyong balota!



# Panukalang-Batas 3-628
# Distrito ng Paaralan Blg. 7J ng Lake Oswego
# (Lake Oswego School District No. 7J)

Mga bond para mapabuti ang kaligtasan at seguridad; i-update ang mga silid-aralan at kapasidad; gawing moderno ang mga pasilidad

**TANONG:**
Dapat bang panatilihin ng Distrito ang kasalukuyang tinatayang antas ng buwis sa bond, mag-isyu ng mga bond para mapabuti ang kaligtasan, ayusin ang mga paaralan, palawakin ang mga silid-aralan at edukasyong pangkabuhayan/teknikal?

Kung maaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**BUOD:**
**Inaasahang mapapanatili ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang tinatayang antas ng buwis sa bond ng Distrito ng Paaralan ng Lake Oswego (Lake Oswego School District) at nagpapahintulot sa $245 milyon na halaga ng prinsipal ng mga bond para tustusan ang mga minsanang gastusin sa pamumuhunan (capital costs), kabilang ang:**

**<u>Mga Paaralang Ligtas, May Seguridad:</u>**

I-update ang mga sistema ng alarma sa sunog
Gawing pare-pareho ang antas ng seguridad ng mga pinto sa mga silid-aralan
Maglagay ng hardened glass
Palawakin ang saklaw ng mga camera na panseguridad
I-upgrade ang mga sistema ng komunikasyon para sa emerhensiya
Pahusayin ang kakayahan ng istruktura na makatagal sa kabila ng pagyanig dulot ng lindol (seismic structural resilience)

**Palitan ang Dalawang Pinakalumang Paaralan**

Palitan ang mga Paaralang Elementarya ng Forest Hills at Lake Grove (Forest Hills and Lake Grove Elementary Schools). Itinayo noong dekada 1940, nakabaon ang mga tubo ng tubig sa semento, at hindi kayang suportahan ng mga pundasyon ang pagpapatibay ng istruktura laban sa lindol (seismic strengthening).

**Pagpapaayos ng mga Nalulumang Pasilidad**

I-upgrade ang mga bubong, bintana, HVAC, tubo ng tubig, at sistemang elektrikal
I-update ang mga pasilidad panlibangan
Bumili ng mga kasangkapan, kagamitan, teknolohiya

**Mga Makabagong Kapaligiran sa Pag-aaral**

Palawakin ang mga espasyo para sa Agham Teknolohiya Edukasyon Matematika (Science Technology Education Math STEM), Edukasyong Pangkabuhayan at Teknikal (Career and Technical Education CTE) sa parehong high school
Bumili ng ari-arian, ayusin para sa Programa sa Paglipat patungo sa Komunidad (Community Transition Program)
Magdagdag ng mga silid-aralan upang matugunan ang pangangailangan sa Palisades

**Nangangailangan ng pangangasiwa ng komunidad at regular na mga pag-audit**

Maaaring mag-isyu ng maraming serye ng bond na ang bawat isa ay magma-mature sa loob ng 26 na taon. Inaasahang hindi patataasin ang antas ng bond nang mahigit $2.90 kada $1000 ng tinasang halaga. Ang aktuwal na mga antas ng ipapataw na buwis ay maaaring mag-iba dahil sa mga pagbabago sa mga antas ng interes at halaga ng ari-arian.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Ang Distrito ng Paaralan ng Lake Oswego (Lake Oswego School District LOSD) ay nagsisilbi sa humigit-kumulang 6,800 mag-aaral sa 11 paaralan at patuloy na kinikilala bilang isa sa mga nangungunang sistema ng edukasyon sa K-12 sa Oregon, ayon sa Niche.

**PAGTATAGUYOD NG KOMUNIDAD SA MGA PAARALAN**

Ang panukalang-batas sa bond na ito ay kumakatawan sa huling yugto ng isang inisyatibang binubuo ng tatlong bahagi upang makapagtayo ng ligtas, moderno, at matatag na mga paaralan sa Lake Oswego.

**Tinatayang Mapapanatili ang Kasalukuyang Antas ng Buwis**

Kung maaprubahan, inaasahang mapapanatili ng $245 milyong bond ang kasalukuyang tinatayang antas ng buwis sa bond ng LOSD na $2.90 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian. Walang inaasahang pagtaas sa antas ng buwis sa bond.

**TUGUNAN ANG KASALUKUYANG MGA PANGANGAILANGAN**

- **Kaligtasan at Emerhensiya**
  Maraming paaralan ang makatatanggap ng mga pagpapabuti sa aspekto ng kaligtasan kabilang ang mga bagong sistema ng alarma sa sunog, mataas na antas ng seguridad ng mga pinto sa mga silid-aralan, pinalawak na saklaw ng mga camera na panseguridad, mga pag-upgrade sa komunikasyon para sa emerhensiya, at paglalagay ng mga bintanang may hardened glass.
- **Nalulumang Imprastruktura**
  Maraming gusali ng paaralan ang ilang dekada nang nakatayo at gumagamit pa ng mga lumang sistema. Aayusin o papalitan ang mga bubong, bintana, HVAC, tubo ng tubig, at sistemang elektrikal para suportahan ang maginhawa, ligtas, at mahusay na operasyon.
- **Mga Papalitan na Pinakalumang Paaralan**
  Ang mga Paaralang Elementarya ng Forest Hills at Lake Grove (Forest Hills and Lake Grove Elementary Schools), na itinayo noong dekada 1940, ay may mga luma nang sistema at nasisirang imprastraktura, kabilang ang mga tubo ng tubig na nakabaon sa semento at mga pundasyong hindi kayang patibayin laban sa lindol. Ang mga papalitan ay magiging mas mura kaysa sa mga malalaking aayusin.
- **Kapasidad ng Lugar para sa Pag-aaral**
  Makatatanggap ang Lakeridge at Lake Oswego High School (Lakeridge and Lake Oswego High Schools) ng pinalawak at na-upgrade na mga silid-aralan para sa Agham Teknolohiya Edukasyon Matematika (Science Technology Education Math STEM), Edukasyong Pangkabuhayan at Teknikal (Career and Technical Education CTE). Ang Paaralang Elementarya ng Palisades (Palisades Elementary) ay makatatanggap ng mga karagdagang silid-aralan para suportahan ang dumaraming enrollment. Ang Programa sa Paglipat patungo sa Komunidad (Community Transition Program), na tumutulong sa mga mag-aaral na may mga pagkaantala sa pag-unlad (developmental delays) habang naghahanda para sa independiyenteng pamumuhay, ay magkakaroon ng isang  pasilidad na inilaan para sa kanila.

**2025 NA KAHILINGAN HINGGIL SA BOND**

Binuo sa tulong ng mga kinatawan ng komunidad, ang panukalang-batas sa bond na ito ay idinisenyo upang matugunan ang kasalukuyang mga pangangailangan habang pinananatili ang kasalukuyang tinatayang antas ng buwis sa bond ng LOSD.

Kung maipasa, popondohan ng bond ang:

**Mga Pagpapabuti sa Kalusugan, Kaligtasan at Seguridad**

- I-update ang mga sistema ng alarma sa sunog
- Maglagay sa mga silid aralan ng mga pintong may mataas na antas ng seguridad at bintanang may hardened glass
- Palawakin ang saklaw ng mga camera na panseguridad

- I-upgrade ang mga sistema ng komunikasyon para sa emerhensiya
- Magdagdag ng mga pampatibay laban sa lindol (seismic reinforcements) batay sa Level 4 na mga pamantayan ukol sa "Agarang Pag-okupa."

**Pagpapanatili at Pag-upgrade ng mga Pasilidad**

- Ayusin ang bubong, bintana, HVAC, tubo ng tubig, at mga sistemang elektrikal
- Ibalik sa maayos na kalagayan ang mga pasilidad para sa pisikal na aktibidad
- Palitan ang mga kulang at sirang kasangkapan, kagamitan, at teknolohiya

**Mga Papalitan na Pinakalumang Paaralang Elementarya**

- Itayong muli ang mga Paaralang Elementarya ng Forest Hills at Lake Grove (Forest Hills and Lake Grove Elementary Schools) sa kasalukyang mga lugar

**Mga Pagpapalawak ng mga Lugar para sa Pag-aaral**

- Magdagdag ng mga silid-aralan para sa STEM at CTE sa parehong high school
- Bumili at baguhin ang isang pasilidad para sa Programa sa Paglipat patungo sa Komunidad (Community Transition Program)
- Magdagdag ng mga silid-aralan sa Paaralang Elementarya ng Palisades (Palisades Elementary)

**PANGANGASIWA AT PANANAGUTAN**

Ang mga pondo mula sa bond ay maaari lamang gamitin para sa mga proyektong inaprubahan ng mga botante. Kasama sa pangangasiwa ang:

- Isang Komiteng Tagapangasiwa hinggil sa Pananagutan kaugnay ng Bond (Bond Accountability Committee) na pinamumunuan ng mga mamamayan
- Mga regular na pag-audit at mga report ng paggasta kada ikatlong buwan
- Pagmomonitor ng Lupon ng Paaralan ng Lake Oswego (Lake Oswego School Board)
- Pagsunod sa mga layunin ng programa sa bond at batas ng estado

**MGA GASTOS**

Maaaring mag-isyu ng serye ng mga bond na ang bawat isa ay magma-mature sa loob ng 26 taon. Habang ang kabuuang antas ng buwis sa bond ng LOSD ay tinatayang mananatili sa $2.90 kada $1000 ng tinasang halaga, maaaring mag-iba ang aktwal na mga rate batay sa mga antas ng interes at tinasang halaga ng ari-arian.

Alamin ang higit pa sa losdschools.org/bond2025..

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Dr. Jennifer Schiele, Superintendent)*

# Panukalang-Batas 3-629
# Distrito ng Paaralan Blg. 3Jt ng West Linn-Wilsonville (West Linn-Wilsonville School District No. 3Jt)

Mga bond para madagdagan ang kaligtasan, seguridad; i-update ang mga pasilidad, teknolohiya; ipaayos ang mga pasilidad

**TANONG:**
Dapat bang dagdagan ng Distrito ang kaligtasan; ipaayos, i-update ang mga pasilidad ng paaralan; mag-isyu ng $190 milyon na pangkalahatang bond sa obligasyon; na tinatayang magpapanatili sa kasalukuyang antas ng buwis? Kung maaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**BUOD:**
Tinatayang hindi magpapataas ng kasalukuyang mga antas ng buwis ang panukalang-batas na ito. Ang Distrito ng Paaralan Blg. 3Jt ng West Linn-Wilsonville (West Linn-Wilsonville School District No. 3Jt) ay gagawaran lamang ng $6,126,000 kaloob ng Estado kung maaprubahan ang mga bond na ito.

Kung maaprubahan, tutustusan ng panukalang-batas na ito ang mga minsanang gastusin sa pamumuhunan (capital costs), kabilang ang:

Pangangasiwa sa mga Pasilidad

Mga pagpapaayos, pagpapalit ng mga kagamitan, pagpapabuti sa lahat ng paaralan
Ayusin ang mga bubong, sistemang pangkaligtasan laban sa sunog, mekanikal, elektrikal, paradahan, bangketa, at hardin
Bumili ng mga kasangkapan, kagamitan
Pagpaplano sa pagpapahusay sa mga istruktura (capital improvement)

Pag-aaral gamit ang Teknolohiya

I-upgrade ang mga kagamitan sa teknolohiya at imprastraktura
I-update ang kurikulum

Science, Technology, Engineering, Art, Math (STEAM); Career, Technical Education (CTE); mga Landas tungo sa Propesyon

Pahusayin ang mga pasilidad, kagamitan
Sentro ng Robotics

Mga Paaralang Ligtas, Kaaya-aya
Pagbutihin ang mga sistema ng komunikasyon, salaming panseguridad laban sa mga manloloob (intrusion limiting glass), pagbabakod, pagkontrol sa pag-akses, at kagamitang panseguridad

Mga Pasilidad na Naa-akses
Pahusayin ang pag-akses sa mga paaralan, mga panlabas na espasyo

Palakasan (Athletics), Kagalingan
Pagandahin ang pampalakasan, palaruan, field, pagpapailaw, artipisyal na damo (turf), track, palikuran, at istadyum na mga pasilidad

Mga Pasilidad na Pangmatagalan, Matibay
Pagbutihin ang pagtitipid ng enerhiya
Mga standby generator
Pag-upgrade sa mga ilaw

Kinakailangan ang komite ng mga mamamayang tagapangasiwa at regular na independiyenteng pag-audit sa mga paggasta kaugnay ng pondo mula sa bond.

Maaaring mag-isyu ng maraming serye ng bond na ang bawat isa ay magma-mature sa loob ng 31 taon mula sa panahon ng pag-isyu. Ang aktuwal na mga antas ng buwis ay maaaring mag-iba dahil sa mga pagbabago sa mga antas ng interes at tinasang halaga ng ari-arian.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

**<u>Ano ang isasama sa iminungkahing panukalang-batas?</u>**
Naglagay ng bond sa pamumuhunan (capital bond) ang Distrito ng Paaralan ng West Linn-Wilsonville (West Linn-Wilsonville School District) sa balota para sa 2025. Walang anumang inaasahang pagtaas sa kasalukuyang antas ng buwis at ang bond ay magpopondo para sa: pasasagawa ng mga pag-upgrade sa kaligtasan at seguridad; pagpapaayos, pagpapalit ng mga kagamitan, at pagpapabuti sa lahat ng paaralan; pag-upgrade ng mga kagamitan sa teknolohiya, imprastraktura, at pag-update sa kurikulum; paggawa ng isang sentro ng robotics na magagamit ng buong distrito; mga pagpapabuti sa mga silid-aralan; pagpapaganda sa pampalakasan, palaruan, field, pagpapailaw, artipisyal na damo (turf), track, palikuran, at istadyum na mga pasilidad; pagpapabuti sa pagtitipid ng enerhiya.

Kung maaprubahan ang panukalang-batas sa bond, ang distrito ay makatatanggap ng karagdagang $6.126 na milyon na katumbas na kaloob ng estado. Matatanggap lamang ng distrito ang kaloob kung maaprubahan ang panukalang-batas sa bond.

**Paano pinili ang mga proyekto para sa panukalang-batas?**
Inupdate ng Komite para sa Pangmatagalang Pagpaplano ng Distrito (Long Range Planning Committee), na pinamumunuan ng mga boluntaryong mamamayan, ang Pangmatagalang Plano para sa mga Pasilidad ng distrito at sinuri nito ang kondisyon ng pasilidad ng paaralan. Nagbigay ng mga rekomendasyon ang komite batay sa mga pangangailangan ng pasilidad sa kasalukuyan at sa hinaharap, na nakatuon sa mga proyektong tinukoy na kritikal sa misyon o mahalaga sa misyon. Ayon sa mga rekomendasyon ng komite, at sa feedback mula sa iba't ibang kinatawan ng komunidad sa pamamagitan ng mga task force group at isang Bond Summit ng komunidad, iminumungkahi ng Lupon ng mga Direktor ng West Linn-Wilsonville na kung maaprubahan, ang pondo mula sa bond ay gagamitin para sa:

- **Pangangasiwa sa mga Pasilidad:** Ipatupad ang mga pagpapaayos, pagpapalit ng mga kagamitan, at mga pagpapabuti sa lahat ng paaralan. Ayusin ang mga tabike, bintana, bubong, sistemang pangkaligtasan laban sa sunog, mekanikal, elektrikal, tubo ng tubig, sahig, paradahan, bangketa, at hardin. Bumili ng mga kasangkapan at kagamitan. Magsagawa ng pagpaplano sa pagpapahusay sa mga istruktura (capital improvement).
- **Mga Paaralang Ligtas at Kaaya-aya:** Pagbutihin ang mga sistema ng komunikasyon, salaming panseguridad laban sa mga manloloob (intrusion limiting glass), pagbabakod, pagkontrol sa pag-akses, at kagamitang panseguridad.
- **Pag-aaral gamit ang Teknolohiya:** I-upgrade ang mga kagamitan at imprastraktura sa teknolohiya sa buong distrito at i-update ang kurikulum.
- **Dagdagan ang mga Oportunidad sa STEAM at CTE:** Pahusayin ang mga pasilidad at kagamitang may kauganyan sa STEAM (science, technology, engineering, art, math), CTE (career and technical education), at mga landas tungo sa propesyon. Gumawa ng isang sentro ng robotics na magagamit ng lahat ng mag-aaral sa distrito.
- **Palakasan (Athletics) at Kagalingan:** Pagandahin ang pampalakasan, palaruan, field, pagpapailaw, artipisyal na damo (turf), track, palikuran, at istadyum na mga pasilidad.
- **Mga Pasilidad na Pangmatagalan at Matibay:** Pagbutihin ang pagtitipid ng enerhiya, magdagdag ng mga standby generator, at magsagawa ng mga pag-upgrade sa mga ilaw.
- **Mga Pasilidad na Naa-akses:** Pahusayin ang pag-akses sa mga paaralan at mga panlabas na espasyo

**Bakit isinangguni ang panukalang-batas na ito?**
Nakabalangkas sa Pangmatagalang Plano para sa mga Pasilidad ang mga pangangailangan ng pasilidad sa kasalukuyan at sa hinaharap. Binigyang priyoridad ng mga miyembro ng Lupon ng Paaralan ng West Linn-Wilsonville, Komite para sa Pangmatagalang Pagpaplano, Task Force group para sa Pangmatagalang Pagpaplano, at mga kalahok sa Bond Summit sa panukalang-batas sa bond na ito ang pagpapaayos at

pagpapanatili ng mga kasalukuyang pasilidad. Ang bond na ito ay gagamitin para sa mga pagpapaayos, pagpapalit, at pagpapabuti sa lahat ng paaralan sa distrito. Ang lahat ng proyektong kasama sa panukalang-batas na ito ay ikinategorya bilang kritikal sa misyon o mahalaga sa misyon ng Pangmatagalang Plano para sa mga Pasilidad ng Distrito.

**Magkano ang gagastusin ng mga nagbabayad ng buwis kaugnay ng panukalang-batas?**

Dahil sa pagtatapos ng pagbabayad ng ilang bahagi ng kasalukuyang mga bond, ang panukalang-batas sa bond na ito ay hindi inaasahang magpapataas sa kasalukuyang kabuuang antas ng buwis sa bond ng distrito. Ang $190 milyong bond na ito ay inaasahang may tinatayang average na halaga na $1.06 kada $1000 ng tinasang halaga taun-taon sa buong itatagal ng bond. Ang tinatayang average na gastos sa bond na ito ay humigit-kumulang $424 kada taon para sa isang bahay na may $400,000 tinasang nabubuwisang halaga. Maaaring mag-iba ang aktwal na mga antas batay sa mga natamong antas ng interes at pagbabago sa tinasang halaga.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Dr. Kathy Ludwig, Superintendent)*

# Panukalang-Batas 26-260
# Lungsod ng Portland (City of Portland)

Panatilihin ang ligtas na mga parke, kalikasan, at abot-kayang libangan sa pamamagitan ng 5-taong pagpapataw ng buwis.

**TANONG:**
Dapat bang panatilihin ng Portland ang mga parke, libangan, pondohan ang mga pagpapaayos; limang-taong pagpapataw ng buwis na $1.40 kada $1000 ng tinasang halaga simula 2026-2027? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**BUOD:**
Noong 2020, inaprubahan ng mga botante ng Lungsod ng Portland (City of Portland) ang isang limang-taong pagpapataw ng buwis upang suportahan ang pagpapatakbo ng mga parke at pasilidad na panlibangan na magwawakas sa 2025. Kung hindi maaprubahan ang isang bagong pagpapataw ng buwis, mababawasan ang badyet sa pagpapatakbo ng mga Parke nang halos kalahati, na magdudulot ng mas kaunting programa at serbisyo.

Mapapanatili ng isang bagong limang-taong pagpapataw ng buwis ang operasyon, at mapopondohan ang mga malalaking, pangmatagalang proyekto (capital projects):

**TIYAKIN ANG PANGANGALAGA AT KALINISAN NG MGA PARKE SA KOMUNIDAD**
- Araw-araw na paglilinis ng mga palikuran, pagkuha ng basura
- Regular na pangangalaga, mga simpleng pag-aayos
- Pag-aayos o pagkukumpuni ng mga pasilidad tulad ng mga palaruan, palikuran, at swimming pool
- Pagpapatrolya ng mga park ranger para sa kaligtasan, at pagtugon sa mga insidente

**PANGALAGAAN ANG KALIKASAN SA GITNA NG PAGBABAGO NG KLIMA**
- Magtanim, pangalagaan ang mga puno
- Protektahan ang mga likas na lugar, ruta (trails), kalidad ng tubig, at tirahan ng mga buhay-ilang
- Tanggalin ang mga talahib at panatilihing bukas ang mga daan para sa emerhensiya upang maiwasan ang panganib ng sunog sa kagubatan

**PANATILIHIN ANG PAG-AKSES SA PROGRAMA**
- Ipagpatuloy ang libre at may deskuwentong mga programang panlibangan para sa mga pamilyang mahihirap
- Panatilihin ang mga klase, oras sa sentrong pangkomunidad, mga sentrong pang-sining at pangkultura, mga parke, at mga swimming pool

Susuriin ng isang komite ng komunidad na tagapangasiwa ang paggamit ng pondo mula sa ipapataw na buwis, at magbibigay ito ng taunang ulat. Kinakailangan ang independiyenteng pag-audit.

Ang karaniwang may-ari ng bahay ay magbabayad ng humigit-kumulang $310 kada taon, o $26 kada buwan - $11 buwanang pagtaas.

Makalilikom ang pagpapataw ng buwis ng humigit-kumulang $86,268,997 sa 2026–2027, $88,719,730 sa 2027–2028, $91,411,705 sa 2028–2029, $93,588,449 sa 2029–2030, at $96,068,483 sa 2030–2031, na may kabuuang $456,057,364.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Magbibigay-daan ang Panukalang-Batas na ito sa Lungsod ng Portland (City of Portland) na magpataw ng buwis na $1.40 kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon para sa pagpapatakbo ng mga parke at sistemang panlibangan. Papalitan at tataasan nito ang halaga ng kasalukuyang $0.80 kada $1000 ng tinasang halaga ng ipinapataw na buwis na magwawakas pagkatapos ng taon ng pananalapi 2025-2026. Sa $1.40 kada $1000 na tinasang halaga ng ipinapataw na buwis, $1.37 ay para sa pagpapatakbo ng mga parke at pasilidad na panlibangan at $0.03 ay para sa malalaking, pangmatagalang mga proyekto (capital projects). Planadong isasama, ngunit hindi limitado sa mga serbisiyo at programa ang:

- Pag-ayos sa mga palaruan sa parke, swimming pool at splash pad, mga palikuran, at iba pang pasilidad na kailangan ng kritikal na mga pagkukumpuni.

Ang ipapataw na buwis ay patuloy na magpapatupad ng:

- Araw-araw na paglilinis ng mga palikuran at pagkuha ng basura sa bawat parkeng may pasilidad.
- Mga aktibidad sa panahon ng tag-init at Libreng Lunch & Play na mga programa, mga pelikula at konsyertong Libre para sa Lahat.
- Inspeksyon sa bawat itinanim na puno sa parke, sa pamamagitan ng paggawa ng maagap na pangangalaga sa mga puno sa parke upang bigyang priyoridad ang kaligtasan ng publiko.
- Karagdagan at patuloy na gawain araw-araw sa mga parke, natural na lugar, ruta (trail), at sentrong pangkomunidad, kabilang ang:

  Kaligtasan
  - Pagsuporta sa kaligtasan sa pamamagitan ng mga pagsusuri ng panganib sa mga parke at natural na lugar, pagpapatrolya ng mga Park Ranger, pagtugon sa mga insidente, at pagsasara ng mga pasilidad sa gabi.
  - Pagsasagawa ng mga hakbang para sa pag-iwas sa malawakang sunog sa pamamagitan ng pagtanggal ng mga talahib, pagputol ng mga sanga ng puno, pag-alis ng mga mapaminsalang (invasive) species at iba pang mga panganib, at pagpapanatili ng mga bukas na daanan para sa emerhensiya.

  Regular na Pangangalaga
  - Inspeksiyonin ang mga ari-arian sa parke tulad ng mga palaruan, daanan (pathway), ruta (trail), tulay, at sentrong pangkomunidad.

- Pag-aayos ng mga ari-arian sa parke at pagsasagawa ng regular na pangangalaga gaya ng pagpipintura, pagkakarpintero, elektrikal, mekanikal, at pagkakabit ng mga tubo.
- Pagbutihin ang pagiging ligtas, naaakses, at kapaki-pakinabang sa buong taon ng mga daanan at ruta sa parke sa pamamagitan ng mga pag-aayos at pag-aalis ng mga panganib.

Kalikasan

- Pagsuporta sa ating kapaligiran sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga katutubong halaman, pagpapabuti sa tirahan ng mga buhay-ilang, pagpapatatag sa mga dalisdis, at pag-aalaga sa mga ari-arian tulad ng mga karatula, tarangkahan, bakod, imburnal, at tulay.
- Pagtatanim ng mga bagong puno sa mga lugar na may kakaunting puno.

Abot-kayang mga Programa

- Pagbibigay ng libre at murang mga opsyon para ang bawat mamamayan ng Portland, anuman ang kanilang kinikita, ay makabahagi.
- Panatilihing bukas ang mga sentrong pangkomunidad at swimming pool na mayroong iba't ibang programa at mga klase.

Pamumuhunan sa mga partnership upang maghatid ng mga serbisyo, programa, at inisyatiba ng komunidad, kabilang ang pag-akses sa mga pasilidad ng PP&R para sa mga programang ibinibigay ng partner. Gamitin ang lakas ng mga boluntaryo at pakikipagtulungan sa lokal at panrehiyong mga grupo upang mapabuti ang kaligtasan, pagpapanatili, pagkakakonekta, at pangmatagalang pangangalaga sa mga parke at sistemang panlibangan sa Portland.

Itatalaga ang isang komite ng komunidad na tagapangasiwa para suriin ang mga paggasta ng pondo mula sa ipapataw na buwis, mga datos, at minimum na pamantayan sa pagganap, at magreport taun-taon sa Konseho ng Lungsod bilang bahagi ng proseso sa pagbabadyet. Ipatutupad ng Kawanihan ng mga Parke (Parks Bureau) ang pag-audit sa pagganap upang matiyak na ang mga serbisyong pinondohan mula sa pagpapataw ng buwis ay patuloy na naaayon sa layunin ng mga botante.

Tinatantya ng Lungsod na ang antas ng ipapataw na buwis na $1.40/$1000 ng tinasang halaga ay aabot sa humigit-kumulang $11 kada buwan para sa karaniwang residensiyal na ari-arian, bukod pa sa kasalukuyang ipinapataw na buwis (o $26 kada buwan). Inaasahang makalilikom ito ng humigit-kumulang $86 na milyon sa unang taon, na may tinatayang average na $91 milyon na malilikom taun-taon sa loob ng limang taon. Kung hindi

maaprubahan ang isang bagong pagpapataw ng buwis, mababawasan ang badyet sa pagpapatakbo ng mga Parke nang halos kalahati, na magdudulot ng mas kaunting programa at serbisyo.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Elana Pirtle-Guiney, Presidente ng Konseho ng Lungsod ng Portland)*

# Panukalang-Batas 34-345
# Washington County

Kapalit na Ipapataw na Buwis para Suportahan ang mga Serbisyong Pang-aklatan sa Buong County

**TANONG:**
Dapat bang suportahan ng Washington County ang mga serbisyong pang-aklatan sa buong county sa pamamagitan ng pagpapataw ng buwis na $0.37 kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon, simula 2026? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**BUOD:**
Papalitan ng Panukalang-Batas ang ipinapataw na buwis na magwawakas sa Hunyo 2026. Sinusuportahan ng ipinapataw na buwis ang Pinagsamang mga Serbisyong Pang-akalatan ng Washington County (Washington County Cooperative Library Services WCCLS) at mga aklatan sa Aloha, Banks, Beaverton, Bethany, Cedar Mill, Cornelius, Forest Grove, Garden Home, Hillsboro, North Plains, Sherwood, Tigard, Tualatin, at West Slope. Nagmumula sa magwawakas na ipinapataw na buwis ang 45% na kabuuang pondo ng WCCLS.

Ang kapalit na ipapataw na buwis ay makatutulong na mapanatili at maibigay ang:

- **Suporta sa pagbabasa at pag-aaral para sa mga kabataan**, kabilang ang tulong sa takdang-aralin para sa mga mag-aaral.
- **Mga pangunahing serbisyo na epektibong nag-uugnay sa mga aklatan** upang maaaring tingnan ng mga taong gumagamit ang mga koleksyon at makapagreserba ng mga materyales para kunin sa kanilang pinakamalapit na aklatan.
- **Mga oras ng operasyon at pag-akses sa mga libro at materyales para sa lahat sa komunidad.**
- **Mga aktibidad na nagtataguyod ng pagbabasa** para sa mga bata kabilang ang mga oras ng pagkukuwento para sa mga sanggol, batang paslit, at preschooler.

Ang kapalit na ipapataw na buwis ay magtatakda ng nakapirming rate na $0.37 kada $1000 ng tinasang halaga, may pagtaas na $0.15. Sa 2026, ang mga karaniwang may-ari ng bahay na may tinasang halaga (hindi halaga sa merkado) na $348,600 ay magbabayad ng humigit-kumulang $129 taun-taon, o karagdagang $4.55 kada buwan kumpara sa kasalukuyang ipinapataw na buwis na magwawakas sa Hunyo 2026. Huling binago ng mga botante ang antas ng ipinapataw na buwis para pondohan ang mga aklatan noong 2015.

Tinatayang halaga ng ipapataw na buwis kada taon:
$34,705,141 sa 2026-2027
$36,180,110 sa 2027-2028
$37,717,765 sa 2028-2029

$39,320,770 sa 2029-2030
$40,991,902 sa 2030-2031

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Ang Pinagsamang mga Serbisyong Pang-akalatan ng Washington County (Washington County Cooperative Library Services WCCLS) ay ang pangunahing pinagmumulan ng pondo para sa mga pampublikong aklatan sa ating county, na sumusuporta sa mga oras ng operasyon sa mga aklatan sa Aloha, Banks, Beaverton, Bethany, Cedar Mill, Cornelius, Forest Grove, Garden Home, Hillsboro, North Plains, Sherwood, Tigard, Tualatin, at West Slope. Ang WCCLS ay nagbibigay ng mga sistema at suporta na nag-uugnay sa 16 na aklatang may kumpletong serbisyo sa loob ng iisang sistema, na sumusuporta sa pag-akses sa mga libro at mga aktibidad sa komunidad para sa lahat ng residente ng county. Bukas ang karamihan sa mga aklatan nang hindi bababa sa 6 na araw sa isang linggo.

Papalitan ng panukalang-batas na ito ang limang-taong ipinapataw na buwis na magwawakas sa Hunyo 2026. Nagmumula sa magwawakas na ipinapataw na buwis ang 45% na kabuuang pondo ng WCCLS. Ipatutupad ang kapalit na ipapataw na buwis mula Hulyo 2026 hanggang Hunyo 2031.

**Ano ang magagawa ng ipapataw na buwis para sa pagpopondo sa mga aklatan?**

Noong nakaraang taon, mahigit 2.4 na milyon ang nagpunta sa mga aklatan ng Washington County. Ang kabuuang bilang ng mga hiniram na materyales ay lumampas sa 7.2 milyon, na nakatulong sa mga taong gumagamit para makatipid ng $140 milyon sa pamamagitan ng paghiram ng mga materyales sa halip na bumili ng mga ito. Ang pangangailangan para sa paghiram ng mga e-book at audiobook ay tumaas ng 34% sa nakalipas na apat na taon, at mahigit 75,000 taong gumagamit ang humiram ng e-book o audiobook noong nakaraang taon.

Nag-organisa ang mga aklatan ng 6,000 aktibidad para sa mga kabataan kabilang ang summer reading, na personal na dinaluhan nang mahigit 200,000 kalahok. Bukod pa rito, mahigit 10,000 mag-aaral ang lumahok sa mga programang pang-aklatan na idinisenyo upang suportahan ang pagbabasa, pag-aaral, at tagumpay ng mga mag-aaral. Nagbibigay din ang mga aklatan ng tulong at mga mapagkukunan sa mga naghahanap ng trabaho o sa mga nais magkaroon ng mga bagong kasanayan.

Makatutulong ang kapalit na ipapataw na buwis upang mapanatili at maibigay ang mga serbisyo sa lahat ng residente ng county.

**Suporta sa pagbabasa at pag-aaral para sa mga kabataan**, kabilang ang tulong sa takdang-aralin at online na pagtuturo para sa mga mag-aaral.

**Mga pangunahing serbisyo na epektibong nag-uugnay sa mga aklatan** upang maaaring tingnan ng mga taong gumagamit ang mga koleksyon at makapagreserba ng mga materyales para kunin sa alinman sa 16 na aklatan sa county.

**Mga oras ng operasyon at pag-akses sa mga libro at materyales** para sa lahat sa komunidad.

**Mga aktibidad na nagtataguyod ng pagbabasa para sa mga bata kabilang ang mga oras ng pagkukuwento** para sa mga sanggol, batang paslit, at preschooler.

**<u>Paano makaaapekto ang ipapataw na buwis na ito sa buwis ng isang may-ari ng bahay?</u>**

Ang kapalit na ipapataw na buwis ay magtatakda ng nakapirming rate na $0.37 kada $1000 ng tinasang halaga, may pagtaas na $0.15. Sa 2026, ang mga karaniwang may-ari ng bahay na may tinasang halaga (hindi halaga sa merkado) na $348,600 ay magbabayad taun-taon ng tinatayang kabuuang halaga na $129. Ang taunang pagtaas sa gastos para sa karaniwang may-ari ng bahay ay magiging higit lamang sa $54 kada taon, o karagdagang $4.55 kada buwan sa kasalukuyang ipinapataw na buwis.

**<u>Bakit tataas ang antas ng buwis?</u>**

Mula nang inaprubahan ng mga botante ang huling pagpapataw ng buwis noong Mayo 2020, tumaas ang pangangailangan sa serbisyo at tumaas din ang mga gastusin. Hindi kayang mapanatili ang mga serbisyong pang-aklatan sa kasalukuyang antas. Makatutulong sa mga aklatan ang pagbabago sa buwis upang makapagbigay ng serbisyo sa lahat ng residente ng county.

**<u>Ano ang mangyayari kung hindi maipasa ang kapalit na buwis?</u>**

Nagmumula sa magwawakas na ipinapataw na buwis ang 45% pondo ng WCCLS para sa mga aklatan. Kung hindi maipasa ang ipapataw na buwis, magkakaroon ng mga pagbawas sa serbisyong pang-aklatan, kabilang ang pagpapaikli ng oras ng operasyon, pagbawas sa pagbili ng mga libro, paglimita sa mga aktibidad na nagtataguyod ng pagbabasa, at pagbaba sa antas ng mga serbisyong nag-uugnay sa mga aklatan. Kabilang sa mga halimbawa ng mga serbisyong ito ang pagbibigay ng online na katalogo ng aklatan, paghahatid ng mga libro sa mga aklatan at pagpapanatili ng pag-akses sa teknolohiya. Ang mga pagbawas ay malamang na magsisimula sa Hulyo 2026.

**Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [wccls.org/levy](wccls.org/levy).**

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Alex Barnett, County Counsel)*

# Panukalang-Batas 34-346
# Washington County

Kapalit na Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis para sa mga Serbisyo kaugnay ng Kaligtasang Pampubliko sa buong County

**TANONG:**
Dapat bang pagandahin ng Washington County ang mga serbisyo kaugnay ng kaligtasang pampubliko sa pamamagitan ng pagpapataw ng buwis na $0.66 kada $66 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon, simula 1,000? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**BUOD:**
Papalitan ng panukalang-batas  ang ipinapataw na buwis na magwawakas sa Hunyo 2026, at dadagdagan ang pondo para sa iba't ibang uri ng serbisyo kaugnay ng kaligtasang pampubliko sa buong county, kabilang ang:

- **Pagsisiyasat at pag-uusig** sa mga kaso ng pagnanakaw, pagnanakaw ng kotse, panloloob, at pagsusulat sa pader (graffiti).
- **Pag-uusig** sa mga kaso ng pang-aabuso sa bata at pornograpiyang gumagamit ng mga bata.
- **Pag-iwas sa karahasan sa tahanan** at **pagpapalawak ng tulong pang-emerhensiya para sa mga biktima** nito.
- **Paglaban sa epekto ng mga nakamamatay na droga** tulad ng fentanyl at pagbuwag sa mga organisasyong nagbebenta ng droga.
- **Ganap na pondohan ang bilibid** para manatiling nakakulong alinsunod sa utos ng korte ang mga taong may matitinding mga kaso.
- **Pinipigilan ang krimen** sa tulong ng mga pangkat ng tagaresponde kaugnay ng kalusugang pangkaisipan, pagsasanay para sa trabaho,  paghahanapbuhay, at mga serbisyo hinggil sa adiksyon upang mapigilan ang mga kabataan at mga nasa hustong gulang na muling gumawa ng krimen.

Mula nang huling maaprubahan ng mga botante ang ipinataw na buwis, bumaba ang pondo mula sa estado, at tumaas ang mga gastusin. Hindi kayang mapanatili ang parehong mga serbisyo batay sa kasalukuyang antas. Makatutulong ang kapalit (replacement) sa pagpapanatili ng kaligtasang pampubliko at makasabay sa implasyon.

Ang kapalit na ipapataw na buwis ay magtatakda ng nakapirming rate na $0.66 kada $1000 ng tinasang halaga, may pagtaas na $0.19. Sa 2026, ang mga karaniwang may-ari ng bahay na may tinasang halaga (hindi halaga sa merkado) na $348,600 ay magbabayad ng humigit-kumulang $230, o karadagang $6 kada buwan.

Tinatayang halaga ng ipapataw na buwis kada taon:
$61,906,469 sa 2026-2027
$64,537,493 sa 2027-2028
$67,280,337 sa 2028-2029
$70,139,751 sa 2029-2030
$73,120,691 sa 2030-2031

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Nagbibigay ang Washington County ng mga serbisyo kaugnay ng kaligtasang pampubliko sa bawat lungsod, sa hindi opisyal na bahagi ng komunidad (unincorporated neighborhood), at sa kanayunan ng Washington County.

Papalitan ng panukalang-batas na ito ang limang-taong ipinapataw na buwis na magwawakas sa Hunyo 2026. Popondohan ng Ipapataw na Buwis para sa Kaligtasang Pampubliko (Public Safety Levy) ang iba't ibang serbisyo kaugnay ng kaligtasang pampubliko para sa lahat ng residente ng County, kabilang ang mga serbisyo ng pulisya sa buong county, bilibid, pag-uusig, parole, probasyon, tulong sa mga biktima, at mga serbisyong panghukuman para sa mga kasong kinasasangkutan ng mga menor de edad. Ipatutupad ang kapalit na ipapataw na buwis mula Hulyo 2026 hanggang Hunyo 2031.

***<u>Ano ang magagawa ng pagpapalit sa ipinapataw na buwis na ito?</u>***

Mapapanatili at mapapataas ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang antas ng mga serbisyo kaugnay ng kaligtasang pampubliko sa buong county, kabilang ang:

- **Pagsisiyasat at pag-uusig** sa mga kaso ng pagnanakaw, pagnanakaw ng kotse, panloloob, at pagsusulat sa pader (graffiti).

  Mula 2021-2024, ang average ng mga pagnakaw ng sasakyan ay isa kada araw.

- **Pag-uusig sa mga kaso ng pang-aabuso sa bata at pornograpiyang gumagamit ng mga bata.**

  Mula 2021-2024, tumaas ng 17% ang mga report kaugnay ng pang-aabuso sa bata, na may average na siyam ang naitatala araw-araw.

- **Pagprotekta sa mga biktima ng karahasan sa tahanan** sa pamamagitan ng pagpapalawak ng tulong para sa mga programang pang-emerhensiya at pagpigil na mangyari pa ang karahasan sa tahanan.

  Mula 2021- 2024, tumaas ng 22% ang mga naitatala kaugnay ng karahasan sa tahanan, na may average na apat kada araw, at posibleng higit pang kaso ng

karahasan ang hindi naiuulat. Ang pagpapalawak ng tulong ay para maiwasan ang higit pang karahasan.

- **Paglaban sa epekto ng mga nakamamatay na droga** tulad ng fentanyl at pagbuwag sa mga organisasyong nagbebenta ng droga.

  Sa nakalipas na tatlong taon, nakumpiska ng Tanggapan ng Sheriff ang 1.3 milyong pills ng fentanyl, na nakatulong para pigilan ang libu-libong pagmamalabis sa droga.

- **Ganap na pondohan ang bilibid** para manatiling nakakulong alinsunod sa utos ng korte ang mga taong may matitinding mga kaso.

  Ang Bilibid ay nagsisilbi sa bawat ahensya ng pulisya sa Washington County, ngunit hindi ito ganap na napakikinabangan dahil sa mga kakulangan sa tauhan at pondo. Makatutulong ang ipapataw na buwis na ito para maibalik ang deputy ng bilibid at iba pang mga posisyon, na magpapanumbalik sa ganap at mas epektibong operasyon nito.

- **Pinipigilan ang krimen** sa tulong ng mga pangkat ng tagaresponde kaugnay ng kalusugang pangkaisipan, pagsasanay para sa trabaho, paghahanapbuhay, at mga serbisyo hinggil sa adiksyon upang mapigilan ang mga kabataan at mga nasa hustong gulang na muling gumawa ng krimen.

  Ang mga espesyal na sinanay na deputy at mga propesyonal sa kalusugang pangkaisipan ay tumtulong para iugnay sa mga serbisyong sumusuporta ang mga taong may problema sa kalusugang pangkaisipan, napapabuti nito ang kaligtasang pangkomunidad at kadalasang napipigilan ang pagkakasangkot sa anumang krimen.

***Paano maaapektuhan ng kapalit (replacement) na ito ang mga buwis ng may-ari ng bahay?***

Ang kapalit na ipapataw na buwis ay magtatakda ng nakapirming rate na $0.66 kada $1000 ng tinasang halaga, may pagtaas na $0.19. Sa 2026, ang mga karaniwang may-ari ng bahay na may tinasang halaga (hindi halaga sa merkado) na $348,600 ay magbabayad ng humigit-kumulang $230, o karadagang $6 kada buwan.

***Bakit tataas ang antas ng buwis?***

Mula nang huling maaprubahan ng mga botante ang ipinataw na buwis, bumaba ang pondo mula sa estado, at tumaas ang mga gastusin. Hindi kayang mapanatili ang parehong mga serbisyo batay sa kasalukuyang antas. Makatutulong ang kapalit

(replacement) sa pagpapanatili ng kaligtasang pampubliko at makasabay sa implasyon.

***Ano ang mangyayari kung hindi maipasa ang kapalit na ipapataw na buwis?***

Pinopondohan ng magwawakas na ipinapataw na buwis ang 18% ng sistema ng County para sa kaligtasang pampubliko. Bagama't mananatiling priyoridad ang kaligtasang pampubliko, ang mga pagbawas na makaaapekto sa pag-uusig, pagpapatupad ng batas, pangangasiwa, sistema ng rehabilitasyon (corrections), at mga serbisyo kaugnay ng karahasan sa tahanan, ay malamang na magsisimula sa 2026.

***Higit pang impormasyon?***

Bisitahin ang website ng Washington County sa wcor.us/PublicSafetylevy

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Alex Bernett, County Counsel)*